NEBRASKA
Good Life. Great Mission.
DEPT. OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

# Planuhin ang iyong Mga Serbisyo... at ang iyong Buhay!

Mangyayari ang pagpaplano sa mga pag-uusap mo kasama ng mga taong mahalaga sa iyo. Mahalagang tukuyin mo kung ano ang gusto mong kalagayan ng iyong buhay, maaaring isulat ng iyong Service Coordinator ang iyong plano sa paraang gusto MO.

Ang DHHS ay may nakatalagang webpage sa Pagpaplano ng Kalahok para tulungan kang planuhin ang iyong mga serbisyo. May kasama itong impormasyon tungkol sa pag-unawa sa iyong mga karapatan, pakikipagtulungan sa iyong mga provider, at pangunguna sa iyong mga miting.

## Gumamit ng Charting the LifeCourse (CtLC)

Gumagamit ang DHHS ng mga Charting the LifeCourse tool para tulungan kang pag-isipan ang iyong mga serbisyo at planuhin ang iyong buhay. Mahahanap mo ang mga tool, tip sheet, at mga video tungkol dito sa webpage ng Pagpaplano ng Kalahok.

## Sumabak sa CtLC kasama ng Mga Tagapagtaguyod ng Pagpaplano na Nakasentro sa Tao

**Gusto mo bang alamin ang higit pa o makipag-usap sa iba tungkol sa epektibong pagpaplano?**

Sumali sa Buwanang CtLC na Pag-uusap!

Nagho-host ang DHHS ng buwanang CtLC na diskusyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga CtLC tool. Nagbabahagi kami ng mga ideya, nagpapakita ng mga halimbawa, at nilulutas na problema. Ang pag-uusap na ito ay bukas sa mga kalahok, mga miyembro ng pamilya, mga Service Coordinator, at mga provider. Nais ka naming tulungan na magtagumpay sa paggamit sa mga tool sa pagpaplano ng iyong buhay.

Ang mga diskusyon ay ginaganap sa Zoom. Ginaganap ito sa **unang Martes ng bawat buwan ng 3:00 PM, Central Time**. Makakahanap ka ng impormasyon sa login sa:

- Ang webpage sa Pagpaplano ng Kalahok, sa Mga Pagkakataon Upang Matuto na seksiyon, sa ilalim ng Mga Tagapagtaguyod ng Pagpaplano na Nakasentro sa Tao.
- Ang kalendaryo sa ilalim ng DDD Homepage.